
7

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan – Modyul 1:
## Kaugnayan ng Pagpapahalaga at Birtud




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q3_ESP 7_Module 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao- 7**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan- Modyul 1: Kaugnayan ng Pagpapahalaga at Birtud**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Mga Manunulat:** Dingson R. Lego

**Language Editor:** Florenil M. Malabayabas

**Tagasuri:** Annabelle M. Marmol, Mariam B. Rivamonte, Nestor T. Rualo

**Tagaguhit:** Ulysis J. Galloniga

**Tagalapat:** Dingson R. Lego, Jefferson R. Repizo

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas, Mariflor B. Musa, Freddie Rey R. Ramirez, Danilo C. Padilla, Annabelle M. Marmol, Lany M. Semilla, Mariam B. Rivamonte, Nestor T. Rualo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – MIMAROPA Region**
Office Address: Meralco Ave., cor. St. Paul Road, Pasig, City
Telefax: 02-8631-4070
E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

7

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan – Modyul 1:

## Kaugnayan ng Pagpapahalaga at Birtud

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

**A**ng bawat tao ay may kani-kaniyang katangiang taglay. Sa paglipas ng panahon, natutukoy natin ang ating kalikasan bilang tao at ang mga kaakibat na tungkulin na dapat nating gampanan sa ating sarili, pamilya at lipunan. Ang ating mga natatanging katangian bilang isang indibidwal ay patuloy nating pinagyayaman at sa kalaunan ay natututuhan natin mamuhay ng may dignidad at pagmamalasakit sa ating kapwa. Upang maging isang mabuting indibidwal kinakailangan nating matukoy kung ano ang itinuturing nating mahalaga sa ating buhay nang sa gayon ay magsilbi itong batayan ng ating mabuting pamumuhay. Mula sa isang batang walang alam ay nahuhubog tayo sa isang konkretong indibidwal na siyang nagtatakda ng nararapat nating gawin. Kinakailangang isabuhay ang tamang gawi upang maging isang mabuting nilalang at kabahagi ng ating lipunan. Ikaw bilang isang tao ay nararapat maging kaakibat ng lipunan at maging ng ating pamahalaan para sa kapayapaan at kaunlaran ng bayan. Upang mapagtibay ang pundasyon ng pagiging isang indibidwal, kinakailangang magkaugnay ang birtud mo bilang tao at ang lahat ng pinapahalagahan mo.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- Nakikilala ang pagkakaiba at pagkakaugnay ng birtud at pagpapahalaga at kung paano naisasabuhay sa pang araw-araw na pamumuhay

- Natutukoy ang mga birtud at pagpapahalaga na isasabuhay at ang mga tiyak na kilos na ilalapat sa pagsasabuhay ng mga ito upang maging isang tiyak na kabahagi ng lipunan

## *Subukin*

**Panuto**. Basahin at unawain ang sumusunod na pangungusap. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang-papel.

1. Ito ay tumutukoy sa mga gawi ng pagiging tao, pagiging matatag at pagiging malakas ng isang indibiduwal sa anomang kaganapan sa buhay.
   A. Birtud
   B. Moral
   C. Pagpapahalaga
   D. Karunungan

2. Ito ay moral na birtud na gumagamit ng kilos-loob upang ibigay sa tao ang nararapat para sa kaniya: sinoman o anoman ang kaniyang katayuan sa lipunan at upang maging isang mabuting kabahagi nito.
   A. Karunungan
   B. Katanungan
   C. Kalayaan
   D. Katatagan

3. Ang ‘halaga’ ay salitang-ugat ng katagang pagpapahalaga. Tukuyin kung alin sa sumusunod na pahayag ang **HINDI** totoo patungkol sa salitang halaga (value).
   A. Ito ay nagmumula sa sarili
   B. Ito ay obheto ng ating intensyonal na damdamin
   C. Ito ay nagbabago depende sa tao, sa lugar, at sa panahon.
   D. Ito ay nangangahulugang pagiging matatag o malakas at pagiging makabuluhan

4. Alin sa sumusunod ang pinakanatural at pinakamahalagang tagapagganap ng pagpapahalaga sa buhay?
   A. Pamana ng kultura
   B. Mga kapuwa kabataan
   C. Pamilya at pag-aaruga sa anak
   D. Guro at tagapagturo ng relihiyon

5. Alin sa sumusunod ang **HINDI** tumutukoy patungkol sa birtud?
   A. Ang salitang birtud ay galing sa salitang Latin na virtus
   B. Ang birtud ay laging nakaugnay sa pag-iisip at kilos ng tao.
   C. Ang birtud ay natural lamang na taglay ng lahat ng nilikha ng Diyos
   D. Ang birtud ay bunga ng paulit-ulit na pagsasakilos ng mga pagpapahalaga ng isang tao.

6. Ang mga sumusunod ay angkop na katangian na dapat taglayin ng ganap na halagang moral. Alin sa mga pahayag ang **HINDI WASTO** tungkol dito:
   A. Ito ay nagmumula sa pagnanais na gumawa ng tama
   B. Ito ay pangkalahatang katotohanan na tinatangap ng tao bilang mabuti at mahalaga
   C. Ito ay maaaring pansariling pananaw ng tao o kolektibong paniniwala ng isang pangkat ng tao.
   D. Ito ay mga prinsipyong etikal na pinagsisikapang makamit ng tao at mailapat sa kaniyang pang-araw-araw na buhay.

7. Kasabay ng pagiging isang mabuting indibiduwal ang pagkakaroon ng tamang gawi at aksiyon. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng tamang gawi ang higit na magpapalalim ng pagpapahalaga na mayroon ang isang indibiduwal.
   a. Pagsunod sa nakatatanda
   b. Pagdalo sa gawaing pampaaralan
   c. Pagiging matatag sa anumang problemang dumaan sa buhay
   d. Pagsangguni sa mga nakatatanda at kinauukulan sa bawat desisyon na gagawin

8. Sa paanong paraan mahuhubog ng isang tao ang kaniyang Birtud upang maging isang mabuting kabahagi ng lipunan?
   A. Makikisama ng naaayon sa ipinapakita ng iyong kapwa
   B. Maging isang mabuting mag-aaral na huwaran ng mga kapwa mag-aaral
   C. Gumawa nang naaayon sa kinakailangang kilos na inaasahan ng lipunan
   D. Isabuhay ang mga pagpapahalagang natutuhan mula sa pamilya, sa paaralan, at maging sa mga karanasan sa buhay.

9. Si Ruben ay isa nang ganap na binata at may nililigawan na kung kayat laging pinapaalalahanan siya ng kaniyang mga magulang ng tamang gawi patungkol dito. Sa papanong paraan maipapapamalas ni Ruben ang kanyang birtud bilang isang binata patungkol sa usapin ng panliligaw?
   A. Hindi na muna siya manliligaw sapagkat higit na mahalaga ang pag-aaral.
   B. Pahahalagahan niya ang dalagang kanyang nililigawan higit kaninoman at anoman.
   C. Susundin niya ang pamantayan ng panliligaw at ang paalaala ng kanyang mga magulang ukol dito.
   D. Bibigyan niya ng panahon ang panliligaw upang maging masaya ang nilinigawan.

10. Ang edukasyon ng isang indibidwal ay sinasabing nagsisimula sa tahanan. Kailan masasabing tunay itong naging epektibo?
   A. Kung may mabuting ugnayan ang magulang at anak
   B. Kung pinahahalagahan ng mga anak ang kanilang pag-aaral sa araw-araw
   C. Kung may malalim na pagmamahalan sa loob ng tahanan Kung ang kasapi ng pamilya ay may kakayahang isabuhay ang mga natutuhan sa loob ng tahanan

**Aralin 1**

# Kaugnayan ng Pagpapahalaga at Birtud

Ang *virtue* o ang birtud ay sinasabing galing sa salitang latin na "Virtus" na nangagahulugang pagiging tao, pagiging matatag at pagiging malakas, ito ay nararapat lamang sa isang tao. Ang bawat nilalang ay nilikhang maykakayahang makapag-isip kung alin ang tama at mali at mayroong iba't ibang kaalaman at kagalingang taglay. Pinagkalooban din ang tao ng kilos-loob ngunit magkakaiba ng taglay na birtud o *virtue*. Laging pakatandaan na ang birtud o virtue ay laging nakaugnay sa pag-iisip at pagkilos ng tao. *(Halaw sa Edukasyon sa Pagpapakatao 7, Kagamitan ng Mag-aaral Ikalawang Bahagi,Unang Edisyon, 2012).*

Ang *virtue* o ang birtud ay maihahalintulad sa isang sanggol kung atin itong iintindihin. Kung iyong pagmamasdan ang isang sangol ito ay walang kaalam-alam sa nangyayari sa kaniyang paligid at tanging pag-iyak lamang ang kaniyang nagagawa upang siya ay mabilis na mapansin. Subalit sa paglipas ng panahon, ang sanggol ay nagkakaroon ng iba't ibang kaalaman kaalinsabay ng paghubog ng iba't ibang gawi na nararapat na maipakita.

Ang kilos o ang gawi ng tao ang unang hakbang sa paglinang ng birtud. Ito ay iyong malilinang kung paulit-ulit ang pagsasakilos o pagsasabuhay ng iyong mga pagpapahalaga. Kung mahalaga para sa iyo ang paggalang sa mga nakakatatanda, palagiang kang gagamit ng po at opo sa tuwing nakikipag usap sa nakatatanda sa iyo. Lagi mong isasaalang-alang ang kanilang iisipin o mararamdaman sa tuwing sila ay iyong nakakasalamuha. Dahil sa pagpapahalagang taglay mo, gumagawa ka ng makatarungang kilos upang maisabuhay ito nang tama at wasto. Kasabay ng pagtatalaga ng sarili sa paggawa ng mabuting gawi nasasanay ka na maging isang mabuting tao. Sa palagiang pagsasabuhay ng iyong mga pagpapahalaga nahuhubog ang iyong birtud bilang tao.

Ang **BIRTUD** ay bunga ng malalimang karanasang pinagdaanan sa buhay na nagbigay - katuwiran sa pagkakakilanlang mayroon siya.

Ang birtud ay bunga ng palagian at mahabang pagsasabuhay ng pagpapahalaga ng isang indibidwal na makatutulong upang maging isang mapanagutang mamayan sa lipunan. Ang isang indibidwal na may birtud ay makatutulong upang maging isang mabuting kabahagi ng lipunan.



## Balikan

**Gawain: Basa-Suri**

Ninanais mo bang malaman ang isang karanasan ng kabataang katulad mo? Basahin ang isang maikling kuwentong magpapakita ng nalinang na birtud at pinahahalagahan. Alamin mo kung anong nalinang sa kaniyang pagkatao makamit lamang ang kaniyang pinahahalagahan.

**ANG PINAHAHALAGAHAN KO BILANG TAO!**

Labindalawang magkakapatid sina Apeng. Gumagawa ng basahan ang kaniyang ina samantalang magsasaka naman ang kaniyang ama. Dahil sa kahirapan, walang maayos na tirahan sina Apeng. Pinagtagpi-tagping dingding at butas-butas na yero lamang ang kanilang bahay. Masikip para sa malaking pamilyang tulad nila. Sa kabila ng kahirapan hindi kailanman nagreklamo si Apeng sa pamumuhay sila sapagkat alam niya kung gaano naghihirap ang kaniyang mga magulang mabigyan lamang sila ng maayos na buhay. Batid niyang edukasyon lamang ang magpapaunlad sa kanilang pamumuhay kung kaya't kahit walang katiyakan ay pinipilit niyang makapagtapos ng pag-aaral

Tuwing umaga, isa't kalahating kilometro ang nilalakad ni Apeng mula sa kanilang bahay hanggang sa paaralan. Hindi siya nakakarating ng maaga subalit hindi rin naman nahuhuli sa klase. Kadalasan ay wala siyang baon at upang makaraos tinatanggap niya ang mga tirang pagkain ng kaniyang mga kaklase na ibinabahagi sa kaniya. Kahit ganito ang antas ng kaniyang pamumuhay, masiyahin, masigla, at puno ng pag-asa ang batang si Apeng. Matalino at nangunguna sa kanilang klase at matataas ang nakukuhang marka.

Sa mga araw na walang pasok ay nangangalakal si Apeng upang may maipandagdag sa kanilang pagkain at pambaon sa eskwela. Wala siyang sinasayang na oras kung kaya't nalilimutan na niyang makipaglaro sa mga tulad niyang bata upang makatulong lamang sa kaniyang mga magulang.

Pagsapit ng gabi, tanging ang munting ilaw mula sa kanilang gasera ang tumatanglaw sa kanilang abang tahanan. Wala mang maayos na higaan at kainan ang pamilya ni Apeng sapat na ang pangaral at pagmamahal ng kaniyang pamilyang saksi sa kaniyang pagpupursiging makaahon sa kahirapan.

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano-ano ang pinahahalagahan ni Apeng sa buhay na nais niyang abutin?
2. Ano-ano ang mga pinagdadaanan ni Apeng sa buhay na makahahadlang sa kaniya sa pag-abot nito?
3. Isa-isahin ang mga ginawa niya upang malampasan ang mga hadlang na ito?
4. Ano ang nalinang sa kaniyang pagkatao dahil dito?
5. Paano nagkakaugnay ang pinahahalagahan ng tao sa kilos o gawain niya?

Katulad ni Apeng, ikaw din ay may pinahahalagahan sa buhay na nais makamit. Ang iyong pagsisikap sa pagkamit nito ay makatutulong sa paglinang ng iyong mabuting gawi. Walang duda, kaya mong magpatuloy na maging mabuting tao!!



***Tala para sa Guro***

Upang maisagawa nang maayos ang gagawing aralin o tatalakaying paksa, magbigay ng mga halimbawang halaw sa totoong pangyayari sa iyong buhay o sa iyong mga mag-aaral, linangin at hubugin nang maayos ang kaisipan ng mga mag-aaral.

## Tuklasin

**Panuto**. Basahing mabuti ang dalawang sitwasyon na nagpapakita ng isang pangyayari upang matukoy kung ano kahulugan ng pagpapahalaga at ang kaugnayan nito sa iyong birtud.

**ANG TAMANG GAWI NA KAILANGANG TAHAKIN: PAGLINANG NG BIRTUD**

“Maaari mo bang ituro sa akin ang daan na nararapat kong tahakin mula rito?”

Tanong ni Remy sa Asong si Browny

“Depende iyan sa nais mong puntahan at nais mong marating”, tugon ng aso.

“Wala naman akong partikular na lugar na nais puntahan”, ani Remy.

“Kung gayon, hindi mahalaga kung aling daan ang iyong pipiliin.

Ang mahalaga ay kung paano ka lumaban at dumiretso sa buhay”, wika ni Browny.

Kinakailangan ko bang maging matatag, maging malakas, at maging kaakibat ng lipunan” tugon ni Remy

“Ikaw ang makagagawa ng iyong kapalaran sapagkat ikaw ang tigamaneho ng sarili mong sasakyan”, at ang paulit-ulit na paninindigan sa mga bagay na pinapahalagahan ang magbibigay daan sa paghubog ng birtud ng isang indibidwal) wika ng asong si Browny.

**ANG TUNAY NA MAHALAGA**

“Bakit kinakailangang ako ay iyo pang tanungin gayong alam mo na pala ang iyong kasagutan” muling tugon ng asong si Browny

“Sapagkat ako ay naguguluhan pa kung alin ang tunay na mahalaga” ani ni Remy sa Aso

“Timbangin ang tunay na mahalaga sa iyo, pakatandaan mo magkaugnay ang kilos at loob ng tao. “Kinakailangang alam mo kung ano at sino ang tunay na mahalaga sa iyo”, muling tugon ng aso kay Remy

Kinakailangan bang magkaugnay ang birtud at pinahahalagahan ko bilang tao? Naguguluhang tugon ni Remy.

Mahalagang matukoy mo kung ano ang iyong pinahahalagahan nang sa gayon ay kikilos ka ng naayon dito. Ang iyong hangarin, inaasahan, at mithiin sa buhay sa nararapat na sang-ayon sa kung ano ang itinuturing mong mahalaga.

Tayahin ang Iyong Pag-unawa

1. Paano naipakita sa dalawang sitwasyon ang pagkakaiba at pagkakaugnay ng birtud at pagpapahalaga?
2. Bakit mahalagang maging batayan sa pagpili ng landas na tatahakin ang pagpapahalaga at birtud ng tao?
3. Ano ang nararapat mong gawin upang malinang nang wasto at tama ang iyong Birtud at pinahahalagahan sa buhay?

***Simulan Nating Basahin:***

**DALAWANG URI NG BIRTUD**

**1. Intelektuwal na Birtud** - Ang mga intelektuwal na birtud ay may kinalaman sa isip ng tao. Ito ay tinatawag na *gawi ng kaalaman* (*habit of knowledge*).

**2. Moral na Birtud.** Ang mga moral na birtud ay may kinalaman sa pag-uugali ng tao. Ito ay ang mga gawi na nagpapabuti sa tao. Ito rin ay ang mga gawi na nagtuturo sa atin na iayon ang ating ugali sa tamang katuwiran. Ang lahat ng mga moral na birtud ay may kaugnayan sa kilos-loob.

**Mga Uri ng Intektuwal at Moral na Birtud**

| Intelektuwal na Birtud | Moral na Birtud |
|---|---|
| **1. Pag-unawa *(Understanding)*.** Ang pag-unawa ang pinakapangunahin sa lahat ng birtud na nakapagpapaunlad ng isip. Ito ay nasa buod *(essence)* ng lahat ng ating pag-iisip. Kung hindi ginagabayan ng pag-unawa ang ating pagsisikap na matuto, walang saysay ang ating isip. | 1. **Katarungan *(Justice)*.** Upang magkaroon ng tunay na kabuluhan ang isang kilos, ito ay nararapat na nagmula sa kilos-loob o may pahintulot nito. Ang isang kilos ay maaari lamang purihin o sisihin kung ito ay naisagawa nang malaya. |

| | |
|---|---|
| **2. Agham *(Science).*** Ito ay sistematikong kalipunan ng mga tiyak at tunay na kaalaman na bunga ng pagsasaliksik at pagpapatunay<br><br>**3. Karunungan *(Wisdom)*.** Masasabi lamang na naaabot na ng kaisipan ng tao ang kaniyang kaganapan kung ito ay nagamit sa paggabay ng birtud ng karunungan. Ito ang pinakawagas na uri ng kaalaman. Ito ang pinakahuling layunin ng lahat ng kaalaman ng tao.<br><br>**4. Maingat na Paghuhusga *(Prudence)*.** Ang maingat na paghuhusga ay isang uri ng kaalaman na ang layunin ay labas sa isip lamang ng tao. Taglay natin ito hindi lamang upang tayo ay makaalam, kundi upang mailapat ang anomang nakalap na karunungan sa kilos.<br><br>**5. Sining *(Art)*.** Kung ang maingat na paghuhusga ay wastong paghusga tungkol sa mga bagay na *dapat isagawa*, ang *sining* ay tamang kaalaman tungkol sa *mga bagay na dapat gawin*. Kung ang maingat na paghuhusga ay nagtuturo sa atin ng *tamang asal*, ang sining ang nagtuturo sa atin upang lumikha sa *tamang pamamaraan*. Ang sining ay paglikha, ito ay bunga ng katuwiran | **2. Pagtitimpi *(Temperance or Moderation)*.** Nabubuhay ang tao sa isang mapanuksong mundo. Maraming inihahain ang mundo sa ating harapan na maaaring maging dahilan upang magtalo ang ating pagnanasa at katuwiran.<br><br>**3. Katatagan (Fortitude).** Ang buhay sa mundo ay puno ng mga suliranin at pagsubok. Kung minsan, sa tindi ng ating mga pinagdaraanan, nanghihina na ang ating loob at nawawalan tayo ng pag-asa.<br><br>**4. Maingat na Paghuhusga (Prudence).** Ito ang tinuturing na ina ng mga birtud sapagkat ang pagsasabuhay ng ibang mga birtud ay dumadaan sa maingat na paghuhusga. Ang birtud na ito ay parehong intelektuwal at moral na birtud. |

| Kahulugan ng Pagpapahalaga | Kahulugan ng Britud |
|---|---|
| Ang pagpapahalaga o *values* ay nagmula sa salitang Latin na *valere* na nangangahulugang pagiging malakas o matatag at pagiging makabuluhan o pagkakaroon ng saysay o kabuluhan. Mahihinuha natin na ang isang tao ay kailangang maging malakas o matatag sa pagbibigay-halaga sa anomang bagay na tunay na may saysay o kabuluhan.<br><br>Ang pagpapahalaga kung ating susuriin, ito ay ang paulit na pagsasabuhay ng nakasanayang kilos na siyang nagiging daan upang maging malakas at matatag sa pagbibibgay halaga sa anomang bagay na tunay na may saysay at kabuluhan. Isang halimbawa nito ay ang pag-aaral kung paglalaanan mo ito ng ibayong pagsisikap at pagtatyaga na may kalakip na sakripisyo, hindi kailanman o ninoman maaangkin ang pagpapahalagang ito kung hindi sapat ang lakas sa aspetong mental at pisikal. | Ang *virtue* o ang birtud ay sinasabing galing sa salitang latin na “Virtus” na nangangahulugang pagiging tao, pagiging matatag at pagiging malakas, ito ay nararapat lamang sa isang tao. Ang bawat nilalang ay magkakatulad na may isip subalit mayroong iba’t ibang kaalaman at kagalingang taglay.<br><br>Ang birtud ay hindi taglay ng isang tao sa kaniyang kapanganakan subalit ito ay nalilinang. Kung ating pagmamasdan ang isang sanggol tanging pag-iyak lamang ang kaya niyang gawin upang mapansin ang kaniyang pangangailangan. Subalit sa paglipas ng panahon unti-unting nakikita na kasabay ng kanyang paglaki ay ang pag-unlad at paglinang ng kanyang birtud. Ang kanyang birtud ang nagsisilbing batayan ng kanyang moral na pamumuhay na siyang nagbubunsod upang palagian niyang pipilin na gumawa ng mabuti sa lahat ng pagkakataon. |

**Mga Uri ng Pagpapahalaga**

Maraming mga bagay ang maaaring pahalagahan ng tao, lalo na ng isang tinedyer. Ang pag-aaral, kaibigan, pamilya, barkada at pagmamahal ay ilan lamang sa mga bagay na maaaring maituring na mahalaga. Ngunit sa dami ng pagbabago dulot ng modernisasyon at teknolohiya, minsan ay nahihirapan na ang tinedyer na kilalanin ang tama sa mali at ang mabuti sa masama. Kaya mahalagang maunawaan niya ang *uri ng pagpapahalaga* na gagabay sa pagpili ng tama at ang mataas na antas ng *pagpapahalaga* na aangkinin at isasabuhay.

**1. Ganap na Papapahalagang Moral** *(Absolute Moral Values)***.** Ito ay nagmumula sa labas ng tao, ibig sabihin ito ang pangkalahatang katotohanan *(universal truth)* na tinatanggap ng tao bilang mabuti at mahalaga. Ito ay ang mga prinsipyong etikal *(ethical principles)* na kaniyang pinagsisikapang makamit at mailapat sa pang-araw-araw na buhay.

**Mga Katangian ng Ganap na Pagpapahalagang Moral**

**a. *Obhetibo*.** Ito ay naaayon kung ano ito *(what is),* ano ito noon, *(has been)* at kung ano ito dapat *(must be).* Ito ay nananahan sa labas ng isip ng tao, mas mataas sa isip ng tao at ito ay nananatili kahit pa hindi ito nakikita o iginagalang ng ilan.

**b. *Pangkalahatan*.** Ito ay sumasaklaw sa lahat ng tao, kilos at kondisyon o kalagayan. Hinango mula sa Likas na Batas Moral, ito ay katanggap-tanggap sa lahat ng tao, sa lahat ng pagkakataon, at sa lahat ng kultura dahil ito ay nakabatay sa pagkatao ng tao na pangkalahatan.

**c. *Eternal.*** Ito ay umiiral at mananatiling umiiral. Hindi ito magbabago kahit lumipas man ang mahabang panahon. Nagbabago ang panahon, ang paniniwala, mithiin, pangangailangan at layon ng tao ngunit hindi pa rin mababago nito ang ganap na halagang moral.

**2. Pagpapahalagang Kultural na Panggawi** *(Cultural Behavioral Values).* Ito ay mga *pagpapahalagang* nagmula sa loob ng tao. Ito ay maaaring pansariling pananaw ng tao o kolektibong paniniwala ng isang pangkat kultural. Ang layunin nito ay makamit ang mga dagliang pansarili o pampangkat na tunguhin *(immediate goals).* Kasama rito ang pansariling pananaw, opinyon, ugali at damdamin.


**Mga Katangian ng Pagpapahalagang Kultural na Panggawi**

***a. Subhetibo*.** Ito ay pansarili o personal sa indibiduwal. Ito ay ang personal na pananaw, ugali o hilig na bunga ng pag-udyok ng pandamdam, damdamin, iniisip, motibo, karanasan at nakasanayan.

***b. Panlipunan*** *(Societal).* Ito ay naiimpluwensiyahan ng *pagpapahalaga* ng lipunan - ang nakagawiang kilos o asal na katanggap-tanggap sa lipunan. Ito ay maaaring magdaan sa unti-unting pagbabago upang makaayon sa panahon at mga pangyayari.

***c. Sitwasyonal*** *(Situational).* Ito ay nakabatay sa sitwasyon, sa panahon at pangyayari. Ito ay madalas na nag-uugat sa subhetibong pananaw sa kung ano ang mapakikinabangan o hindi.

Sa paglinang ng Birtud at pagpapahalaga sa buhay kinakailangang maging isang matalinong indibiduwal upang maging isang kaakibat ng lipunan sa tunay na kaunlaran. Likas sa ating mga tao ang pagiging mabuti, kung kaya't mahalagang malinang nang naayon sa wasto at tama ang ating tamang gawi. (Halaw sa Edukasyon sa Pagpapakatao 7, Kagamitan ng Mag-aaral Ikalawang Bahagi, Unang Edisyon 2012)



## Suriin

**Gawain: Basa-Suri**

**Panuto:** Bilang pagpapalalim sa aralin, Basahin ang isang sitwasyon na nagpapakita ng tamang paglinang sa Birtud at Pinahahalagahan sa buhay. Matapos basahin ang sitwasyon sagutin ang mga pamprosesong tanong. Isulat ito sa iyong sagutang-papel.

**PERANG PULOT KO: HINDI AKIN ITO!**

Mahirap na bata lamang si Maria kung kaya't alam niya ang kahalagahan ng edukasyon sa murang edad pa lamang.

Hinubog siya ng kaniyang magulang sa tamang gawi at asal kung kaya't lagi niya itong ipinakikita simula nang ito ay kanyang matutuhan.

Hindi niya kailanman hinangad ang mga bagay na hindi kaniya pagkat alam niyang ito ay hindi magugustuhan ng kaniyang ina kung kaya't nang minsang siya ay nakapulot ng malaking halaga ay kaagad niyang ipinagbigay-alam sa kanilang barangay.

Labis ang tuwa ng kaniyang mga kabarangay sa kabutihang ipinamalas ni Maria kahit na ito ay isang munting bata pa lamang. Ayon pa kay Maria, mas mainam nang magutom ako kesa sa kunin ko ang hindi akin sapagkat ang dignidad kailanman ay hindi mabibili ng pera.

Ang tunay na mahalaga ay ang mabuting gawi, ang mabuting kalooban at ang mabuting mithiin kaya't ito ay aking isinasabuhay.

**Panuto:** Tayahin ang Pag-unawa (Pamprosesong Tanong). Isulat ang iyong sagot sa sagutang-papel.

1. Tukuyin ang mga pagpapahalaga na ipinamalas ni Maria sa kuwento.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

2. Bakit mahalaga ang dignidad para kay Maria?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

3. Ano ang tiyak na kilos na ipinamalas ni Maria na nagpapakita ng malalim na pagkakaugnay ng kanyang pagpapahalaga at ng kanyang birtud?


____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

4. Bakit mahalagang matukoy mo ang iyong mga pinapahalagahan sa buhay? Ano ang kaugnayan nito sa iyong birtud?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

5. Malinaw ba sa iyo ang iyong mga pinahahalagahan mo sa buhay? Magbigay ng patunay o halimbawa.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________



## *Pagyamanin*

**Gawain: SUBAYBAY BIRTUD KO!**

1. Kopyahin ang tsart sa ibaba sa iyong kwderno o sagutang papel. Gumawa ka ng listahan ng mga itinuturing mong mahalaga sa iyo, sundan ang sumusunod na hakbang:

| Sarili | Pamilya | Kapuwa |
|---|---|---|
| | | |

2. Mula sa mga naitala, pumili ka ng tatlong pinakamahalaga para sa iyo
3. Tukuyin ang aspekto na nais mong bigyan ng pokus sa iyong itinala na mahalaga
4. Tukuyin din sa gawain na ginagawa mo sa kasalukuyan na tumutugma sa iyong pinahahalagahan
5. Itala ang natuklasan sa resulta ng gawain, sa loob ng panibagong kahon bilang pagkakakilala.


| Pagpapahalaga | Aspekto ng Pagpapahalaga | Gawaing kasalukuyang ginagawa na nagpapakita ng pagpapahalaga | Natuklasan |
|---|---|---|---|
| Halimbawa: Pamilya | Maayos na pagsasama | Pagtulong sa gawaing bahay | Tugma ang kilos ko sa aspektong pinahahalagahan ko sa aking pamilya. |

## Isaisip

**AKO, AT ANG BIRTUD KO, BILANG TAO**

**Panuto:** Punan ang hanay sa kanan ng mga tiyak na aksiyon o tugon na iyong isasagawa upang maisabuhay ang mga pagpapahalaga na nasa kabilang hanay. Pangatwiranan kung bakit ito ang iyong aksyon o tugon. Gamitin ang iyong kuwaderno o sagutang papel sa paggawa.


| Pamantayan Mo! | AKSIYON KO! TUGON KO! |
|---|---|
| Katapatan | |
| Dignidad | |
| Respeto | |
| Matalinong Pagpapasiya | |



## *Isagawa*

**Panuto**: Bumuo ng isang plano ng pagkilos ukol na pagpapaunlad ng iyong birtud. Gawing batayan sa pagsagot ang mga pahayag sa itaas na bahagi ng talahanayan. Gawin ito sa iyong kuwaderno o sagutag-papel.


| Pagpapahalaga | Masamang Epekto kung hindi isasabuhay ang pagpapahalaga | Plano ng Pagkilos upang maisabuhay ang pagpapahalaga | Birtud na maaring mapaunlad |
|---|---|---|---|
| Halimbawa:<br>Pagpapahalaga sa kalagayan ng aking lolo at lola | Hindi ako kagigiliwan ng mga nakatatanda sa aming tahanan | Palagian kong kakamustahin ang aking lolo at lola kung sila ay nasa mabuting kalagayan | Respeto |
| | | | |
| | | | |



## *Pagtataya*

**Panuto:** Sagutan ang hinihingi sa bawat pahayag. Limang puntos bawat bilang. Isulat ito sa iyong sagutang-papel.

1. Gamit ang Venn Diagram, ano ang pagkakaiba ng Birtud at Pagpapahalaga.



1. Isa-isahin ang mga uri ng birtud at pagpapahalaga.

BIRTUD

1.

2.

3

4

5

PAGPAPAHALAGA

1.

2.

3.

4.

5

2. Paano mo maisasabuhay ang birtud at pagpapahalaga batay sa iyong tiyak na kilos o gawi sa pang-araw-araw mong pamumuhay?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ___________________________________.

3. Ano ang maaring maging resulta ng pagkakaroon ng birtud ng kabataang tulad mo?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ___________________________________.


4. Bilang kabahagi ng lipunan, sa paanong paraan makatutulong ang pagkakaroon mo ng mga pagpapahalaga at birtud?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   _____________________________________

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Gumawa ng talata na nagpapahayag ng iyong natutuhan sa aralin. Gawing gabay ang nasa loob ng kahon sa ibaba. Isulat ito sa iyong sagutang-papel.

**NATUTUHAN KO SA ARAW NA ITO**

**Ang**______________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
__________________________________________



## *Susi sa Pagwawasto*

| **Subukin** | **Pagyamanin** | **Tayahin** |
|---|---|---|
| 1. A<br>2. D<br>3. D<br>4. C<br>5. C<br>6. C<br>7. C<br>8. D<br>9. C<br>10. D | Ito ay ayon sa pagpapasya ng Gurong Tagapayo kung paano iwawasto ang mga kasagutan ang mga amg-aaral sang ayon sa kaniliang kasagutan | Ito ay ayon sa pagpapasya ng Gurong Tagapayo |

# *Sanggunian*


- Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao Gabay Kagamitan ng Mag-aaral (Ikalawang Bahagi) Lungsod ng Pasig, Pilipinas, 2012, pp. 5 - 17

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph